

## **Tingnan ang Talaan ng mga Botante para hindi maaksaya ang oras sa Araw ng Pagboto**

BRAMPTON, ON (Setyembre 7, 2022) – Hinihiling ng Lungsod ng Brampton sa lahat ng kwalipikadong botante na siguruhan na sila ay nasa Talaan ng mga Botante para makaboto sa 2022 Brampton Municipal and School Board Election.

Simple lamang ang proseso. Bisitahin ang [website ng Lungsod](#), mag-click sa “Am I on the Voters’ List?” at ilagay ang inyong pangalan petsa ng kapanganakan at address para matingnan kung kayo ay nasa talaan. Mabeberipika ninyo o maa-update ang inyong impormasyon online, o mag-register para maidagdag kung ang inyong pangalan ay wala sa talaan. Pwedeng magpa-register online hanggang 5 pm sa Oktubre 15.

Ang mga kwalipikadong botante ay pwede ring bumisita sa Tanggapan ng City Clerk sa City Hall para makita kung sila ay nasa Talaan ng mga Botante at kumpletuhin ang isang form ng Application to Amend the Voters’ List, kung kailangan. Pwede ring kumpletuhin ng mga botante ang anumang form saanmang lokasyon ng Advance Voting, o sa Araw ng Pagboto.

Kwalipikado kayong bumoto kung kayo ay isang Canadian Citizen, 18 taon o higit pa sa araw ng Pagboto, at nakatira sa Brampton (o kayo o ang inyong asawa ay may-ari o nangungupahan sa property sa Brampton).

### **Mga Link**

- [Tingnan kung kayo ay nasa Talaan ng mga Botante](#)
- [Pagiging kwalipikado ng mga Botante](#)
- [Mga Boto sa Brampton 2022](#)

### **Quote**

“Bumoto man kayo sa nakalipas na mga halalan o kayo ay magiging 18 taong gulang bago ang Lunes, Oktubre 24, mahalagang tingnan na kayo ay nasa Talaan ng mga Botante. Ang isang up-to-date na Talaan ng mga Botante ay hindi nakakapag-aksaya ng oras at nagbibigay kakayahan sa isang mas maayos na proseso ng pagboto para sa lahat ng botante sa Brampton.”

- Peter Fay, City Clerk at Returning Officer, Lungsod ng Brampton



## Media Release

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

### KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)